BUOD NG GABAY NG LIDER
SA GAWAING PANGKAWANGGAWA

# Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon





*Ang tunay na pangmatagalang layunin ng Welfare Plan ay hubugin ang pagkatao ng mga miyembro ng Simbahan, ng nagbibigay at tumatanggap, pinananatili ang lahat ng mabuting katangian nila, at pinamumulaklak at pinamumunga ang tagong yaman ng espiritu, na siya namang tunay na misyon at layunin at dahilan ng pagkakatatag ng Simbahang ito.*

J. Reuben Clark Jr., espesyal na miting ng mga stake president, Okt. 2, 1936

BUOD NG GABAY NG LIDER
SA GAWAING PANGKAWANGGAWA

# Pagtulong Ayon sa Paraan ng Panginoon

*Ang layunin ng gawaing pangkawanggawa ng Simbahan ay tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na umasa sa sarili, pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan, at paglingkuran ang iba.*

Mga Nilalaman

Mga Responsibilidad ng mga Miyembro . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Mga Responsibilidad ng Stake President . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Mga Responsibilidad ng Bishop. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Mga Pangunahing Alituntunin
ng Gawaing Pangkawanggawa sa Pagtulong . . . . . . . . . . . . . . 5

Mga Mapagkukunan sa Simbahan
para Matulungan ang mga Maralita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 5

Mga Mapagkukunan sa Labas ng Simbahan
para Matulungan ang mga Maralita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8



Marcos 12:41–44

## Mga Responsibilidad ng mga Miyembro

Dapat tulungan ng mga lider ng Priesthood at Relief Society ang mga miyembro na maunawaan ang kanilang mga responsibilidad sa kanilang sarili, sa kanilang mga pamilya, at sa ibang tao.

### Tustusan ang Sarili at Pamilya

Responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang espirituwal at temporal na kapakanan. Dahil biniyayaan ng kaloob na kalayaan, mayroon silang pribilehiyo na gumawa ng sariling pasiya, lutasin ang sariling problema, at sikaping umasa sa sarili. Ginagawa ito ng mga miyembro sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon at sa pamamagitan ng pagtatrabaho nila mismo.

### Mga Elemento ng Pag-asa sa Sarili

Ang pag-asa sa sariling kakayahan ay ang abilidad, tapat na pangako, at pagsisikap na tustusan ang sariling pangangailangan sa buhay at ng pamilya. Kapag ang mga miyembro ay natutong umasa sa sarili, mas makapaglilingkod sila at mas mapangangalagaan ang iba.

Kapag ginawa ng mga miyembro ng Simbahan ang lahat sa abot ng kanilang makakaya na tustusan ang sarili ngunit hindi pa rin matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan, sila ay dapat munang humingi ng tulong sa kanilang mga pamilya. Kapag hindi pa rin sapat ito, ang Simbahan ay handang tumulong.

Ang ilan sa mga aspeto kung saan ang mga miyembro ay dapat umasa sa sarili ay nakabalangkas sa ibaba at sa pahina 2.



**Edukasyon.** Ang edukasyon ay nagyayaman, nagpapadakila, at nagbibigay ng pang-unawa tungo sa buhay na mas maligaya. Dapat pag-aralan ng mga miyembro ang mga banal na kasulatan at iba pang mabubuting aklat; paghusayin ang kakayahan nilang magbasa, magsulat, at magkuwenta; at magtamo ng mga kasanayan na kailangan para sa akmang trabaho.

**Kalusugan.** Inutusan ng Panginoon ang mga miyembro na pangalagaan ang kanilang isipan at katawan. Dapat nilang sundin ang Word of Wisdom, kumain ng masustansyang mga pagkain, regular na mag-ehersisyo, at matulog nang sapat. Dapat nilang iwasan ang mga sangkap o kaugalian na umaabuso sa kanilang katawan o isipan na maaaring mauwi sa adiksyon. Dapat nilang panatilihin ang kalinisan ng katawan at pangalagaan ang kalusugan at magpatingin sa doktor at dentista. Dapat din nilang sikaping magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga miyembro ng pamilya at sa iba.

**Trabaho.** Ang pagtatrabaho ang pundasyon kung saan nakasalig ang pag-asa sa sariling kakayahan at temporal na kapakanan. Dapat paghandaan at maingat na piliin ng mga miyembro ang akmang trabaho o sariling mapagkakakitaan na makatutustos sa sarili nilang pangangailangan at ng kanilang pamilya. Dapat silang maging bihasa sa kanilang mga trabaho, maging masigasig at mapagkakatiwalaan, at tapat na pagtrabahuhan ang natatanggap nilang suweldo at mga benepisyo.

**Pag-iimbak ng Pagkain sa Tahanan.** Para matulungan na pangalagaan ang kanilang sarili at kanilang mga pamilya, ang mga miyembro ay dapat:

- Magkaroon ng tatlong-buwang panustos na pagkain na karaniwang bahagi ng kanilang kinakain sa araw-araw.
- Mag-imbak ng maiinom na tubig sakaling maging marumi ang tubig o walang mapagkukunan nito.
- Unti-unting mag-imbak ng suplay ng pagkain na tatagal at magagamit para mabuhay.

Tingnan sa *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan,* 3 (aytem 04008 893).

**Pananalapi.** Para may sapat na perang pantustos sa sarili, ang mga miyembro ay dapat:

- Magbayad ng ikapu at mga handog.
- Iwasan ang di-kinakailangang pangungutang.
- Magbadyet at mamuhay ayon sa plano.

- Unti-unting magtabi ng reserbang pondo sa regular na pagtatabi ng maliit na halaga.
- Turuan ang mga miyembro ng pamilya ng mga alituntunin sa pamamahala ng kabuhayan.

Tingnan sa *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Kabuhayan ng Pamilya,* 3 (aytem 04007 893).

**Espirituwal na Lakas.** Ang espirituwalidad ay mahalaga sa temporal at walang hanggang kapakanan ng isang tao. Ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat na manampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, sundin ang mga utos ng Diyos, manalangin araw-araw, pag-aralan ang mga banal na kasulatan at turo ng mga propeta sa mga huling araw, dumalo sa mga miting ng Simbahan, at maglingkod sa mga tungkulin at gawain sa Simbahan.

### Pangangalaga sa Iba

Sa Kanyang ministeryo dito sa lupa, ang Tagapagligtas ay nakisalamuha sa mga maralita, maysakit, at nagdurusa, na inaasikaso ang kanilang mga pangangailangan at pinagagaling sila at binibigyan ng pag-asa. Tinuruan Niya ang Kanyang mga disipulo na gayundin ang gawin. Ang pagtulong sa mga taong nagdurusa ay isang pangunahing katangian ng mga disipulo ni Jesucristo (tingnan sa Juan 13:35).

Sa ating panahon iniutos muli ng Panginoon sa Kanyang mga tao na pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan. Sabi Niya, "Masdan, sinasabi ko sa inyo, na kailangang dalawin ninyo ang mga maralita at ang mga nangangailangan at magbigay sa kanila ng tulong" (D at T 44:6). Ang mga miyembro ng Simbahan ay hinihikayat na magbigay ng mapagmalasakit na personal na paglilingkod sa mga nangangailangan. Dapat silang maging "sabik sa paggawa ng mabuting bagay," naglilingkod nang hindi na inuutusan pa o inaatasan (tingnan sa D at T 58:26–27).

Inilarawan ng Panginoon ang Kanyang paraan sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan. Inutusan Niya ang mga Banal na "[mag]bahagi ng inyong ari-arian sa mga maralita, . . . at [ito] ay ibibigay sa harapan ng obispo . . . [at] itatago sa aking kamalig, para sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan" (D at T 42:31, 34).

Ipinaliwanag pa ng Panginoon na dapat ibilang sa mga handog na ito ang mga talento ng mga miyembro. Ang mga talentong ito ay "[ila]lagay sa kamalig ng Panginoon, . . . bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos" (D at T 82:18–19).

Ang kamalig ng Panginoon ay hindi limitado sa isang gusaling gamit sa pamamahagi ng pagkain sa mga maralita. Kabilang dito ang tapat na handog ng panahon,

mga talento, habag, mga kagamitan, at kabuhayan ng matatapat na miyembro na ibinigay sa bishop para pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan. Kung gayon, may kamalig ang Panginoon sa bawat ward. Ang bishop ang namamahala sa kamalig ng Panginoon.

## Mga Responsibilidad ng Stake President

Tinitiyak ng stake presidency na nauunawaan ng mga bishop ang mga alituntunin ng gawaing pangkapakanan at isinasagawa ang banal na utos na hanapin at pangalagaan ang mga maralita. Kinakausap ng stake president ang mga bishop at nirerepaso ang mga donasyon na mga handog-ayuno at nagastos.

Ang stake presidency ay maaaring atasang pamunuan ang priesthood sa gawaing pangkapakanan tulad ng bishop's storehouse o employment resource center.

Ang mga stake president ay dumadalo sa mga coordinating council meeting para tumanggap ng tagubilin sa iba't ibang bagay na nauukol sa Simbahan, kabilang ang mga alituntunin at tungkulin ng gawaing pangkawanggawa. Sa mga miting na ito, nag-iisip ng mga paraan ang mga lider upang maitaguyod ang pag-asa sa sarili, mapangalagaan ang mga nangangailangan, at mahikayat ang pagbibigay ng mga handog-ayuno.

Ang mga stake president ay nakikipag-ugnayan din sa



*Kinakausap ng bishop ang mga miyembrong nangangailangan at nirerepaso kung paano sila pinakamainam na mabibigyan ng tulong at tinutulungan sila na tulungan ang kanilang sarili.*

multistake sa mga gawaing pangkawanggawa at pagtugon sa mga biglaang pangangailangan.

## Mga Responsibilidad ng Bishop

Ang bishop ay inutusan ng Diyos na hanapin at pangalagaan ang mga maralita (tingnan sa D at T 84:112). Siya ang namamahala sa gawaing pangkawanggawa sa ward. Ang kanyang mithiin ay tulungan ang mga miyembro na tulungan ang kanilang sarili at umasa sa sarili. (Sa mga branch, ang branch president ay may ganito ring mga responsibilidad sa gawaing pangkawanggawa.)

Ang mga bishop ay biniyayaan ng kaloob na makahiwatig upang maunawaan kung paano pinakamabuting matutulungan ang mga taong nangangailangan. Ang kalagayan ng bawat indibiduwal ay magkakaiba at nangangailangan ng inspirasyon. Sa patnubay ng Espiritu at ng pangunahing mga alituntunin ng gawaing pangkawanggawa na inilarawan sa bahaging ito, ang bishop ang nagpapasiya kung sino ang tutulungan, magkano ang ibibigay, at gaano katagal tutulong.

Sa pangkalahatan, ang bishop ay maaaring tumulong sa mga miyembrong kasalukuyang nakatira sa nasasakupan ng kanyang ward. Sa ilang pagkakataon ang bishop, sa inspirasyon ng Espiritu, ay maaaring tumulong sa mga taong hindi miyembro ng Simbahan.

Pinananatiling kumpidensyal ng bishop ang mga pangangailangang pangkawanggawa ng mga miyembro. Ibinabahagi lamang niya ang impormasyong kailangan ng mga lider ng priesthood, Relief Society, o ng iba pang nagbibigay ng tulong.

Ang mga bishop na may problema tungkol sa pagsasamantala o pandaraya ng mga tinutulungan sa gawaing pangkawanggawa ay maaaring tumawag sa bishop's help line (1-801-240-7887) o sa area office. Kapag hindi kilala ng bishop ang isang miyembro, dapat niyang kontakin ang dating bishop ng miyembro bago magbigay ng kawanggawa.

## Pangunahing mga Alituntunin ng Gawaing Pangkapakanan sa Pagbibigay ng Tulong

Ang bishop ay dapat magabayan ng sumusunod na pangunahing mga alituntunin ng gawaing pangkawanggawa sa pangangalaga niya sa mga maralita at nangangailangan:

- ***Hanapin ang mga maralita.*** Hindi sapat ang tumulong kapag nahingan lamang ng tulong. Dapat hikayatin ng bishop ang mga lider ng priesthood at Relief Society, kasama ang mga home teacher at visiting teacher, na tumulong sa



*Sa pamamahala ng bishop, ang ward council ay tumutulong sa paglutas ng mga pangangailangang pangkawanggawa.*

pagtukoy sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong.

- ***Itaguyod ang personal na responsibilidad.*** Nirerepaso ng bishop sa mga miyembro ang mga mapagkukunan at gawain na maipantutustos nila at ng kanilang pamilya sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.
- ***Suportahan ang buhay, hindi ang klase ng pamumuhay.*** Ang bishop ay tumutulong sa pangunahing mga pangangailangan para mabuhay. Hindi siya tumutulong para mapanatili ang marangyang pamumuhay.
- ***Magbigay ng mga kailangang bagay bago pera.*** Kapag maaari, ibinibigay ng bishop ang mga bagay na kailangan ng mga miyembro sa halip na bigyan sila ng pera o bayaran ang kanilang mga bayarin. Kapag walang mga bishops' storehouse, ang mga handog-ayuno ay maaaring gamitin sa pagbili ng mga bagay na kailangan.
- ***Maglaan ng mga pagkakataong makapagtrabaho.*** Hinihiling ng mga bishop sa mga tinutulungan na magtrabaho sa abot ng makakaya nila para sa natatanggap nilang tulong. Itinuturo ng mga bishop ang kahalagahan ng pagtatrabaho at nagbibigay ng makabuluhang mga gawain. Ang ward council ay nagtitipon at nag-iingat ng talaan ng makabuluhang mga trabaho.



*Kung angkop, inaatasan ng bishop ang ward Relief Society president na dalawin ang mga miyembro para malaman kung ano ang mga pangangailangan nila at tumulong sa pagtukoy ng tulong na ibibigay.*

## Mga Mapagkukunan sa Simbahan para Tulungan ang mga Maralita

### Ward Council

Ang mga miyembro ng ward council, lalo na ang mga priesthood quorum at ang Relief Society, ay tumutulong sa bishop na matugunan ang pangangailangang pangkawanggawa ng mga miyembro. Ang mga lider na ito ay tinutulungan ng mga home teacher, visiting teacher, at iba pa na may mga natatanging kasanayan.

Kung kailangan, ang mga bagay na kumpidensyal ay maaaring talakayin sa priesthood executive committee meeting, kasama ang Relief Society presidency na inanyayahang dumalo.

### Mga Priesthood Quorum at ang Relief Society

Ang gawaing pangkawanggawa ang pangunahing tungkulin ng mga priesthood quorum at Relief Society. Dapat ay regular itong pinag-uusapan sa mga miting ng presidency. Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, tinutulungan ng mga priesthood quorum at Relief Society ang mga miyembro na makahanap ng solusyon sa mga pangangailangang pangkawanggawa at makaasa sa sarili.

### Relief Society President

Dagdag pa sa mga tungkulin niya sa gawaing pangkawanggawa na inilarawan sa naunang mga talata, ang Relief Society president ang karaniwang tumutulong sa bishop sa pamamagitan ng pagbisita sa mga miyembro

na nangangailangan ng kawanggawa. Tinutulungan niya sila na alamin kung ano ang kanilang mga pangangailangan at nagmumungkahi sa bishop kung anong tulong ang maibibigay. Maaaring gamitin ng bishop at Relief Society president ang Needs and Resources Analysis form para tulungan sila (aytem 32290).

### Mga Ward Welfare Specialist

Ang bishopric ay maaaring tumawag ng isang employment specialist at iba pang mga welfare specialist. Ang mga specialist na ito ay dapat na mga miyembro ng ward na tumutulong sa iba pang mga miyembro ng ward sa mga bagay tulad ng paghahanap ng trabaho, edukasyon at pagsasanay, nutrisyon at kalinisan, Perpetuwal na Pondong Pang-edukasyon, pag-iimbak ng pagkain sa tahanan, pangangalaga sa kalusugan, kabuhayan ng pamilya, at iba pang pangangailangang pangkawanggawa.

### Mga Handog-ayuno at Ikapu

Itinatag ng Panginoon ang batas ng ikapu at batas ng ayuno, na kinabibilangan ng mga handog-ayuno, para pagpalain ang Kanyang mga tao (tingnan sa Isaias 58:6–12; Malakias 3:8–12). Ang mga handog-ayuno ay ginagamit lamang sa pagtugon sa mga pangangailangang pangkawanggawa.

Ang bishop, sa tulong ng ward council, ay nagtuturo sa lahat ng miyembro na mahalagang ipamuhay ang mga batas na ito. Itinuturo din niya ang tungkol sa mga ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa mga batas na ito. Kabilang sa mga pangakong ito ang pagiging mas malapit sa Panginoon at lalong mahahabagin sa kapwa. Ang Panginoon ay nangangako rin ng ibayong espirituwal na lakas, maunlad na kalagayang temporal, at mas matinding hangaring maglingkod.

Sa ilang lugar sa mundo, may mga bishops’ storehouse na magbibigay ng mga pagkain at damit. Kapag walang magagamit na bishops’ storehouse, maaaring gamitin ang mga handog-ayuno para makapagbigay ng pagkain at damit. Ginagamit din ang mga ito para sa tirahan, tulong-medikal, at iba pang tulong para mabuhay.

Ang Church General Welfare Committee ay nagtatakda ng pinakamalaking halaga na maaaring ipambayad ng isang bishop sa pagpapagamot ng miyembrong nangangailangan nang walang karagdagan pang

awtorisasyon. Kapag ginamit ang mga handog-ayuno, ang pagpapapagamot ay dapat isagawa sa isang malapit, at angkop na ospital.

Hindi kailangang bumalanse ang mga nagastos mula sa mga handog-ayuno sa mga kontribusyon sa handog-ayuno.

Ang kawanggawa ay para sa mga miyembro ng Simbahan at karaniwang pinopondohan ng mga donasyon sa handog-ayuno. Ang pagkakawanggawa ng Simbahan ay para sa lahat ng tao anuman ang relihiyon nila at karaniwang pinopondohan ng mga donasyon ng mga nagkakawanggawa.

### Ang Stake at Iba pang mga Mapagkukunan ng Simbahan

Ang bishop ay maaaring humingi ng tulong sa mga stake specialist, employment center ng Simbahan, mga bishops' storehouse, Deseret Industries, at LDS Family Services para tulungan ang mga miyembrong nangangailangan kapag mayroon nito.

## Mga Mapagkukunan sa Labas ng Simbahan para Tulungan ang mga Maralita

Maaaring piliin ng mga miyembro na gamitin ang mga mapagkukunan sa komunidad, kabilang ang mga mapagkukunan ng gobyerno, para matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Dapat maging pamilyar ang bishop sa mga mapagkukunang ito. Maaaring kabilang dito ang:

- Mga ospital, doktor, o iba pang mapagkukunan ng pangangalagang medikal.
- Mga training sa trabaho at placement service.
- Tulong para sa mga taong may kapansanan.
- Mga propesyonal na tagapayo o social worker.
- Tulong para sa paggaling sa adiksyon.

Kahit tumatanggap ng tulong ang mga miyembro ng Simbahan mula sa labas ng Simbahan, dapat silang tulungan ng bishop na iwasang palaging umasa sa mga mapagkukunang ito.



Mateo 25:35–36, 40

Pabalat: *Pinagagaling ni Cristo ang Maysakit sa Betesda,* ni Carl Heinrich Bloch,
sa kagandahang-loob ng Brigham Young University Museum of Art
Panloob na pabalat sa harap: *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno,*
ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.
Pahina sa harap 1: *Ang Lepta ng Babaing Balo,* ni Alexandre Bida. Pahina 1: Larawan © Robert Casey
Panloob na pabalat sa likod: *Ang Buong Lungsod ay Magkakasamang Nagtipon,* ni James Tissot

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. Pagsang-ayon sa Ingles: 12/08.
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 12/08. Pagsasalin ng *Providing in the Lord's Way: Summary of a Leader's Guide to Welfare*. Tagalog. 08257 893
Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Salt Lake City, Utah

*Ang ating pangunahing layunin ay magtatag ng . . .*
*sistema na kung saan mapapawi ang sumpa ng katamaran,*
*mawawala ang kasamaan ng paglilimos, at minsan pang*
*makintal sa ating mga tao ang pagtayo sa sariling paa, kasipagan,*
*katipiran, at paggalang sa sarili. Ang layunin ng Simbahan*
*ay tulungan ang mga tao na tulungan ang kanilang sarili.*
*Ang trabaho ay dapat muling bigyan ng halaga bilang pangunahing*
*alituntunin sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan.*

Ang Unang Panguluhan, sa Conference Report, Okt. 1936, 3

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02082 57893 2
08257 893